

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

GAWAD KOMISYON 2008

Ang Gawad Komisyon 2008 ay timpalak sa pagsulat ng tula at maikling kuwento sa sampung pinakamalalaking wika sa Pilipinas na kinabibilangan ng Ilokano, Pangasinan (sa pakikipagtulungan ng Don Jose Tamayo Foundation), Kapampangan, Bikol, Samar-Leyte, Sugbuanong Binisaya, Hiligaynon, Meranao, at Tausug, maliban sa Tagalog na timpalak sa pagsulat ng maikling kuwentong pambata. Idinaraos ito bilang bahagi ng pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa tuwing Agosto. Ang timpalak sa bawat wika ay pangangasiwaan ng mga Panrehiyong Sentro sa Wikang Filipino sa pagpatnubay ng Komisyon sa Wikang Filipino.

MGA PANLAHAT NA TUNTUNIN:

- Bukas ang timpalak sa lahat ng mamamayang Pilipino maliban sa mga pinuno at kawani ng Komisyon sa Wikang Filipino at ng Panrehiyong Sentro sa Wikang Filipino at sa mga nanalo ng unang gantimpala sa Gawad Komisyon 2006 at 2007.
- Ang lahok ay kailangang orihinal, hindi pa naisasali sa ibang timpalak at hindi pa rin nailalathala. Hindi rin tatanggapin ang mga lahok na *recycled* lamang.
- Ang lahok ay hindi dapat magtaglay ng anumang pagkakakilanlan kahit sagisag panulat. May hiwalay na pormularyo na makukuha sa mga tanggapan ng Panrehiyong Sentro sa Wikang Filipino. Ang sinagutang pormularyo sa paglahok kasama ang *resume/ biodata* ng kalahok ay dapat nakapaloob sa saradong sobre. Kailangang nakanotaryo ang nabanggit na pormularyo.
- Para sa tula:
 1. Sukat at tugma: Maaaring may sukat at tugma, maaaring malaya.
 2. Haba: Hindi kukulangin sa **isandaang** (100) linya ngunit hindi hihigit sa **tatlong daang** (300) linya.
 3. Paksa: Malaya ang paksa.
- Para sa maikling kuwento:
 1. Haba: Hindi kukulangin sa **sampung** (10) pahina ngunit hindi hihigit sa **tatlumpung** (30) pahina.

2. Paksa: Malaya ang paksa.

- Ang lahok ay kailangang makinilyado o kompyuterisado (Font 12-Arial), may 2 o dobleng espasyo (maikling kuwento) sa bond paper na may sukat na 8 ½ x 11, at may palugit na 1 pulgada sa itaas, ibaba at sa magkabilang gilid. Dapat na may taglay na sunud-sunod na bilang ng pahina sa sentrong ibaba ng bawat pahina gaya ng 1 ng 20, 2 ng 20, at iba pa.
- Kailangang magsumite ng apat (4) na kopya – isang orihinal at tatlo (3) pang kopya at isang *electronic file (diskette copy o CD)* ng lahok na kompyuterisado.
- Isang lahok lamang ang maaaring isumite sa bawat kategorya.
- Ang mga gantimpala sa bawat kategorya ay gaya ng sumusunod:

Unang Gantimpala	Php 15,000.00	+ Sertipiko
Pangalawang Gantimpala	10,000.00	+ Sertipiko
Pangatlong Gantimpala	8,000.00	+ Sertipiko
Tatlong (3) Karangalang-banggit	2,000.00	+ Sertipiko

- Lahat ng kalahok sa timpalak ay tatanggap ng **KATUNAYAN NG PAGLAHOK** sa araw na isumite ang lahok sa tanggapan.
- Ang pasya ng inampalan ay pangwakas at di maipaghahabol. Ang lahat ng nagwaging lahok ay magiging pag-aari at nasa pag-iingat ng KWF. Angkin ng KWF ang karapatan sa unang paglalathala sa mga lahok at sa muling paglalathala nito kung kinakailangan, na walang *royalty* ang may-akda. Ang mga di nagwaging lahok ay maaaring hingin ng may-akda pagkaraan ng apat (4) na buwan matapos maipahayag ang mga nagwagi.
- Ang lahok ay maaaring ipadala o dalhin nang personal sa tanggapan ng Panrehiyong Sentro sa Wikang Filipino sa bawat rehiyon o kaya sa tanggapan **KOMISYON SA WIKANG FILIPINO, 2/F Watson Bldg., 1610 J.P. Laurel St., San Miguel, Manila.**
- Ang huling araw ng pagsusumite ng mga lahok ay sa Setyembre 30, 2008, ika-5:00 ng hapon.